


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 6

Mga Pandaigdigang Organisasyon sa Pagsusulong ng Kapayapaan, Pagkakaisa, Pagtutulungan, at Kaunlaran



Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang

Alternative Delivery Module

Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Mga Pandaigdigang Organisasyon sa Pagsusulong ng Kapayapaan, Pagkakaisa, Pagtutulungan, at Kaunlaran

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na, “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas”. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Mga Manunulat: Jerisse J. Parajes, Elgemary S. Abata

Mga Editor: Filipina F. Meehleib, Lileth F. Oliverio, Llifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, John M. Anino, Lalaine S. Gomera, Dan Ralph M. Subla

Mga Tagasuri: Josephine Chonie M. Obseñares, Marino L. Pamogas, Marina B. Sanguenza, Leowenmar Corvera, Edwin C. Salazar, Honorato Mendoza, Joel Plaza

Tagaguhit:

Mga Tagalapat: Paul Andrew A. Tremedal, Aldrin V. Ubas, Paulina Crescini

Mga Nangasiwa: Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr., Maripaz F. Magno, Karen L. Galanida, Florence E. Almaden, Carlo P. Tantoy, Marino L. Pamogas, Noemi D. Lim, Laarni C. Micayas

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon XIII Caraga

Office Address: Schools Division Office of Surigao City

M. Ortiz Street, Barangay Washington, Surigao City, Surigao del Norte

Telefax: (086) 826-3075; (086) 826-1268

E-mail Address: surigao.city@deped.go.ph

Araling Panlipunan

**Ikaapat na Markahan – Modyul 6
Mga Pandaigdigang Organisasyon
sa Pagsusulong ng Kapayapaan,
Pagkakaisa, Pagtutulungan,
at Kaunlaran**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Pamantayang Pangnilalaman:

Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikipag-ugnayan at sama-samang pagkilos sa kontemporaryong daigdig tungo sa pandaigdidag kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran.

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa mga gawain, programa, proyekto sa antas komunidad at bansa na nagsusulong ng rehiyonal at pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran.



Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang mga mahahalagang papel na ginampanan ng mga pandaigdigang organisasyon. Ang kaalaman mo sa paksa ay mabisang hakbang upang iyong mapahalagahan ang mga layunin nito sa pagpapanatili ng kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran ng mga bansa.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang maging mas maganda ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul gamit ang hiwalay na papel.

Ang modyul na ito ay nakatuon sa pagtalakay ng **Mga Pandaigdigang Organisasyon sa Pagsusulong ng Kapayapaan, Pagkakaisa, Pagtutulungan, at Kaunlaran** ng mga bansa na nahahati sa sumusunod na paksa:


- **Paksa 1-** Layunin at Gampanin ng mga Pandaigdigang Organisasyon
- **Paksa 2-** Mga Rehiyonal na Organisasyong Pangkaunlaran at Pangkapayapaan

Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:

*Napahahalagahan ang bahaging ginampanan ng mga pandaigdigang organisasyon sa pagsusulong ng pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran. **MELC AP8 Quarter 4 Week 10**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- nailalahad ang mga piling pandaigdigang organisasyon;
- nailalahad ang mga piling rehiyonal na organisasyon;
- nasusuri ang kanilang layunin at tungkulin;
- nakakalikha ng sanaysay, advocacy campaign at proyekto ukol sa pagpapahalaga ng pandaigdigang organisasyon.



Subukin

Panuto: Basahin ang mga katanungan at piliin ang letra ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa organisasyong heopolitikal, ekonomikal, at pangkultura ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya?
 - A. Organization of American State
 - B. Organization of Islamic Cooperation
 - C. Asia Pacific Economic Cooperation
 - D. Association of Southeast Asian Nation
2. Ano ang tawag sa samahan ng mga estado ng Amerika na may layuning makamit ang kapayapaan, hustisya, at pagkakaisa ng mga kasapi?
 - A. American Union
 - B. Association of American States
 - C. Organization of American States
 - D. Organization of American Cooperation
3. Anong pandaigdigang samahan ng mga bansang Muslim na naglalayong siguraduhin at protektahan ang interes ng mga kasapi sa pamamagitan ng pagsulong ng kapayapaan at pandaigdigang kaunlaran?
 - A. Organization of Islamic State
 - B. Organization of Islamic Caliphates
 - C. Organization of Islamic Cooperation
 - D. Organization of Islamic State Cooperation

4. Ano ang tawag sa pinakamalaking kompederasyon ng malalayang estado sa kanluran na may layuning isulong ang kapayaan at kabutihan ng mga mamamayan nito?
- A. European Union
B. European Cooperation
C. Commonwealth of Nations
D. North Atlantic Treaty Organization
5. Alin ang hindi kabilang sa mga layunin ng pagkakatatag ng European Union?
- A. upang magkaroon ng matibay na samahan ng mga bansa
B. upang matutukan ang pang-ekonomiko at pampulitikal na serbisyo
C. upang ipalaganap ang mga kaisipang pampulitika at pang-ekonomiya
D. upang matustusan ang mga pangangailangan ng mga kasapi na bansa
6. Anong pandaigdigang organisasyon ang namamahala sa sistema ng pananalapi kung saan masusi nitong pinagmamasdan ang halaga ng palitan at balanse ng kabayaran ng mga bansa?
- A. World Bank
B. World Trade Organization
C. World Health Organization
D. International Monetary Fund
7. Ano ang hangarin ng pagkakatatag ng ASEAN Free Trade Area?
- A. Gawing sentro ng kabuhayan ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya
B. Gawing sentro ng kalakalan ng daigdig ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya
C. Gawing sentro ng produksyon ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa pandaigdigang kalakalan
D. Gawing sentro ng kapangyarihan ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa pandaigdigang ugnayan
8. Bakit mahalaga ang pagkakatatag ng mga pandaigdigang organisasyon?
- A. dahil natutulungan nito ang mga kasaping bansa na kontrolin ang iba pang bansa
B. dahil malaki ang naitutulong nito sa bawat kasaping bansa sa kaunlarang pang-ekonomiya
C. dahil tuluyan nitong sinusupportahan ang prinsipyo ng pagiging makasarili ng mga bansa sa daigdig
D. upang makalamang sa hindi kasaping bansa sa aspetong pang-ekonomiya at pampulitika
9. Alin ang hindi kabilang sa mga layunin ng ASEAN?
- A. pagsulong ng kultura
B. paglago ng ekonomiya
C. kaunlarang panlipunan
D. pagsulong ng kapatiran
10. Ano ang layunin ng Organization of Islamic Cooperation (OIC)?
- A. protektahan ang mamamayan
B. protektahan ang mga Kristiyano
C. protektahan ang pansariling paniniwala
D. protektahan ang interes ng mga Muslim

11. Paano nakatutulong ang World Bank sa mga bansa sa ibat-ibang bahagi ng mundo?
 - A. nagbibigay ng pagkain sa tao
 - B. nagbibigay ng tulong pinansiyal
 - C. nagpapautang sa mga mangangalakal
 - D. nagpapautang sa lahat ng mamamayan

12. Alin ang hindi layunin ng International Labor Organization?
 - A. palakasin ang tripartismo at diyologo sa empleyado
 - B. magkaroon ng kapatiran at samahan ng empleyado
 - C. oportunidad na trabaho para sa kababaihan at kalalakihan
 - D. malakihang oportunidad para sa isang ligtas at disenteng trabaho

13. Ano ang tungkulin o gampanin ng United Nations Human Settlements Programme, UN-HABITAT?
 - A. mabigyan ng trabaho ang mga mamamayan
 - B. matulungan ang lahat ng mga tao sa lungsod
 - C. makapagbigay ng sapat na kabahayan para sa lahat.
 - D. matustusan ang mga tao sa pangunahing pangangailangan

14. Alin ang hindi kabilang sa mga pangunahing layunin ng Food and Agriculture Organization (FAO)?
 - A. matulungan ang mga magsasaka
 - B. matustusan ang kakulangan sa pagkain
 - C. masuportahan ang agrikultura sa bansa
 - D. mabigyan ng pagkain ang tao buwan-buwan

15. Alin sa sumusunod na ahensiya ng United Nations ang nakatuon sa pagdinig ng mga paglabag ng isa o higit pang mga bansa hinggil sa mga pamantayan sa pandaigdigang paggawa?
 - A. ASEAN Free Trade Area
 - B. World Trade Organization
 - C. International Labour Organization
 - D. Organization for Economic Cooperation and Development



Balikan

Gawain 1: Pamamaraang Neokolonyalismo

Panuto: Tukuyin kung ang pamamaraang ginamit sa neokolonyalismo ay Pang-ekonomiko o Pangkultura. Isulat ang letrang **E** kung ito ay pang-ekonomiko at letrang **K** naman kung pangkultura. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

- ___ 1. pagbibigay ng dayuhang tulong-pinansiyal sa mga umuunlad na bansa
- ___ 2. pagpapahiram sa mga bansa ng pondo upang makatulong sa rehabilitasyon
- ___ 3. pagtuturo ng kabihasan at kasaysayan ng Amerika sa mga Pilipino
- ___ 4. pagkakaroon ng colonial mentality o kaisipang higit na maganda ang anumang bagay na gawang banyaga kaysa gawang lokal
- ___ 5. pagkahilig ng mga Pilipino sa pagkain gaya ng hotdog at hamburger kaysa katutubong pagkain tulad ng kalamay, puto at bibingka



Tuklasin

Gawain 2: Organization Outliner!

Panuto: Hanapin sa loob ng kahon ang pandaigdigang samahang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

World Bank (WB) European Union (EU) World Trade Organization (WTO) World Health Organization (WHO) International Monetary Fund (IMF) International Labour Organization (ILO) Organization of Islamic Cooperation (OIC) Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO) Organization for Economic Cooperation and Development (OECD)

- ___ 1. isang pandaigdigang bangko na nagbibigay ng tulong-pinansiyal at teknikal sa mga bansang umuunlad para sa mga programang pangkaunlaran
- ___ 2. isang ahensiya na nakatuon sa edukasyon, kalinangan at agham
- ___ 3. isang pandaigdigang organisasyon na may layuning mamahala at magbigay ng kalayaan sa kalakalang pang-internasyunal
- ___ 4. isang natatanging sangay ng United Nations na gumaganap bilang direktang tagapamahala ng pandaigdigang kalusugan

- ___ 5. isa sa mga ahensya ng United Nations na may layuning mapabuti ang produksyon at pamamahagi ng pagkain sa mundo
- ___ 6. isang pang-ekonomiyang organisasyon na may layunin na pasiglahin ang pag-unlad sa ekonomiya at kalakalan sa mundo
- ___ 7. kapisanan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya na may layuning maitaguyod ang paglago ng ekonomiya at kaunlarang panlipunan, pagsulong ng kultura, at pagpapalaganap ng kapayapaan
- ___ 8. isang kapisanan ng mga bansa sa kanluran kung saan ang mga gawain nito ay sumasakop sa patakarang publiko at ekonomiya sa ugnayang panlabas, tanggulan, pagsasaka at kalakalan
- ___ 9. isang pandaigdigang organisasyon na pinagkatiwalaang mamahala sa pandaigdigang sistema ng pananalapi sa pamamagitan ng pagmamasid sa halaga ng palitan at balanse ng kabayaran
- ___ 10. isa sa mga ahensya ng United Nations na ang layunin ay pangasiwaan ang mga pamantayan sa pandaigdigang paggawa, proteksiyong panlipunan at pangkalahatang pagkakataon sa trabaho.



Suriin

Ang papel na ginagampanan ng mga internasyonal na organisasyon ay tumutulong upang maitakda ang pang-internasyonal na adyenda. Isinakatuparan ang kooperasyon at koordinasyon sa mga kasaping bansa upang maitaguyod ang mga layuning ukol sa pagdaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulongan, at kaunlaran. Ang pinakapamilyar na organisasyon sa buong mundo ay ang United Nations.

Ang United Nations



Ang United Nations ay isang samahan na naglalayon na mapanatili ang kapayapaan at seguridad sa internasyonal, magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga bansa, makamit ang kooperasyong pandaigdigang, at maging sentro para sa pagtaguyod sa mga layuning isinusulong tungo sa kabutihan at kaunlaran ng mga bansa. Ang UN ay pinakamalaking internasyonal na kinakatawan, pinaka pamilyar at pinaka-makapangyarihang samahan sa buong mundo.

Kasama sa kanilang mga tungkulin ang pagpapanatili ng mga pamantayan upang matiyak ang kaligtasan, pagtulong sa mga umuunlad na bansa na makamit ang seguridad sa ekonomiya, at pagtaguyod ng mga pamantayan tungkol sa kung paano gumawa ng mga kasunduan sa kalakalan ang mga bansa at malutas ang mga hidwaan.

A. Mga Orgnisasyon at Programa ng United Nations

United Nations Human Settlements Programme, UN-HABITAT



Isang programa ng Nagkakaisang Bansa na itinatag noong 1978 upang mapanatili ang pag-unlad ng mga lungsod sa iba't ibang panig ng mundo. Isinusulong nito ang panlipunan at pangkapaligirang kaayusan sa mga bayan at lungsod upang makapagbigay ng sapat na kabahayan sa lahat.

Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO)



Ang FAO ay nakatuon upang wakasan ang gutom, kakulangan sa pagkain, at malnutrisyon. Isa sa mga pangunahing programa ng FAO ay gawing mas produktibo ang sektor ng agrikultura upang mapanatili ang pangmatagalang paglago at pag-unlad ng isang bansa nang sa ganun mabawasan ang kahirapan ng mga mamamayan lalong-lalo na ang mga nasa laylayan ng lipunan.

Ang ahensiyang ito ay itinatag noong Oktubre 16, 1945 na may layuning pagbutihin ang produksiyon at pamamahagi ng pagkain sa mundo upang mapabuti ang kondisyon ng pamumuhay ng mga tao. Mayroon itong kabuuang miyembro na umaabot sa 197 sa kasalukuyan.

International Monetary Fund



Ito ay isang pandaigdigang organisasyon na nangangasiwa sa pandaigdigang sistema ng pananalapi sa pamamagitan ng pagmamasid sa halaga ng palitan at balanse ng kabayaran ng mga bansa. Nag-aalok din ang IMF ng tulong-pinansiyal at serbisyong-teknikal. Naitatag ito noong ika-27 ng Disyembre 1945 sa Bretton Woods, New Hampshire, United States at may kabuuang miyembro na 189 na bansa sa kasalukuyan.

International Labour Organization (ILO)



Ang International Labour Organization ay isa rin sa mga ahensiya ng United Nations na naglalayong lumikha ng mas malakihang oportunidad sa mga kababaihan at kalalakihan para sa isang ligtas at disenteng trabaho. Isinusulong din nito na mapahusay at maging epektibo ang proteksiyon para sa lahat, at palakasin ang tripartismo at panlipunang diyalogo. Pinangasiwaan nito ang mga isyung may kaugnayan sa paggawa, partikular ang mga pamantayan sa pandaigdigang paggawa, proteksiyong panlipunan, at pangkalahatang pagkakataon sa trabaho. Ito ay naitatag noong pang ika-29 ng Oktubre 1919 na may kabuuang 187 na kasapi na bansa sa kasalukuyan.

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO)



Ito ay isang ahensiya na nakatuon sa edukasyon, kalinangan sa kultura at agham. Naitatag ang samahang ito noong ika-16 ng Nobyembre, 1945 sa London, United Kingdom at kinabibilangan ng 193 miyembrong bansa.

Ang mga layunin nito ay ang sumusunod: (1) makamit ang kalidad na edukasyon at habang-buhay na pag-aaral para sa lahat; (2) mapakilos ang kaalaman sa agham at mga patakaran para sa masusuportahang pagpapaunlad; (3) mapag-usapan ang mga panlipunan at etikal na hamon; (4) maitaguyod ang pagkakaiba sa pangkultura sa pamamagitan ng diyalogo at pangkultural na pangkapayapaan; at (5) maitatag ang inklusibong kaalamang panlipunan sa pamamagitan ng impormasyon at komunikasyon at makamit ang kalidad na edukasyon.

Ang isa sa mga pinakamahalagang gampanin ng UNESCO ay pagtatala ng lahat ng mahahalaga, natatangi, at magagandang *Heritage Sites* sa mundo katulad ng Banaue Rice Terraces sa Pilipinas, Great Wall of China, Pyramid of Egypt, at iba pa upang mapangalagaan at mapanatili ang mga likhang ito bilang paggalang at pagkilala sa kasaysayan at kultura ng isang bansa.

Tungkulin din ng UNESCO na protektahan ang mga kilalang *Heritage Sites* kung saan sa panahon ng digmaan may mga patakaran silang ipinatupad na hindi dapat sirain ang mga pook o mga gusaling ito dahil mahalaga sila at maaaring kasiyahan ito ng mga tao sa hinaharap at naglalaman ito ng mga makabuluhang impormasyon tungkol sa nakaraan.

World Health Organization (WHO)



Layunin ng ahensiyang ito na bumuo at magpatupad ng mga pandaigdigang patakaran na may kinalaman sa kalusugan at sensitibong isyung pangkasarian. Ito rin ang nangangasiwa sa pagpapalakas ng mga pamayanan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga katuwang na ahensiya na nagpapatupad ng mga pandaigdigang kaayusang pangkalusugan. Itinatag ito noong Abril 7, 1948, at may punong-tanggapan sa Geneva, Switzerland. Sa kasalukuyan, mayroon itong 194 na miyembrong bansa.

B. Iba pang Pandaigdigang Organisasyon

The World Bank



Ito ay isang pandaigdigang bangko na nagbibigay ng tulong-pananalapi at teknikal na serbisyo sa mga bansang umuunlad na may kinalaman sa mga programang pangkaunlaran. Kasama sa kanilang programa ay pagbibigay ng mahahalagang imprastruktura sa mga bansang nangangailangan ng tulay, kalsada, paaralan at iba pa na may layuning mapababa ang antas

ng kahirapan. Ito ay naitatag noong Hulyo 1944 at may kasalukuyang bilang ng mga kasapi na umaabot sa 189 na bansa.

Organization for Economic Cooperation and Development (OECD)



Ito ay isang pang-ekonomiyang organisasyon na may pangunahing layunin na mapabuti ang pandaigdigang ekonomiya at maisulong ang pangkalahatang kalakalan. Ito rin ay nagbibigay ng iba't ibang oportunidad sa pamahalaan ng lahat ng mga bansa para magtutulongan at magkakaisa na humanap ng solusyon sa karaniwang problema. Kalakip nito ang pagtutulongan ng mga bansa upang mapabuti ang ekonomiya at kaginhawahan ng sangkatauhan. Itinatag ito noong ika-30 ng Setyembre 1961 upang pasiglahin ang pag-unlad sa ekonomiya at kalakalan sa mundo. Ang OECD ay isang opisyal na tagamasid ng United Nations. Sa kasalukuyan, ito ay may 37 na mga bansang kasapi.

World Trade Organization



Ito ay isang pandaigdigang organisasyon na may layuning mamahala at magbigay ng kalayaan sa mga bansa na makilahok sa kalakalang pang-internasyunal. Itinatag ito noong ika-1 ng Enero 1995 at mayroong 164 na bansang kasapi sa kasalukuyan.


C. Mga Rehiyonal na Organisasyon at ang kanilang Layunin

Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)



Isang organisasyong heopolitikal, pang-ekonomikal at kultural na itinatag noong ika-8 ng Agosto, 1967. Sa kasalukuyan mayroon itong 10 na miyembrong bansa na kabilang sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya. Layunin ng samahang ito na maitaguyod ang paglago ng ekonomiya at kaunlarang panlipunan, pagsulong ng kultura, at pagpapanatili ng kapayapaan.

European Union (EU)



Ito ay pinakamalaking kompederasyon ng mga malalayang bansa sa kanluran na itinatag noong ika-1 ng Nobyembre 1993 at binubuo ng mahigit 27 na mga bansa sa kasalukuyan. Layunin ng samahang ito na maisaayos ang pang-ekonomikong aspeto sa bawat kasaping bansa.

Organization of Islamic Cooperation (OIC)



Ito ay samahan ng mga bansang Muslim na may 57 estadong kasapi na itinatag noong ika-25 ng Setyembre 1969. Layunin ng samahang ito na siguraduhin at protektahan ang kanilang interes at isulong ang pandaigdigang kapayapaan at kaunlaran.

Organization of American State



Ito ay samahan ng mga Estadong Amerikano na itinatag noong ika-30 ng Abril 1948 na may 35 na kasapi ng nagsasariling estado ng Amerika. Layunin nito ay makamit ang kapayapaan at hustisya, itaguyod ang pagkakaisa, patatagin ang kanilang pagtutulungan, pangalagaan ang kanilang ekonomiya, teritoryo at ang kanilang kalayaan.

Layunin ng Pandaigdigang Organisasyon

Tungo sa Kaunlaran

Ang United Nations ay isang pandaigdigang organisasyon na may layuning pagbigkisin ang mga bansa upang matamo ang pandaigdigan kapayapaan at kaunlaran.

Bilang tugon sa mga problemang ito, ang Samahan ng Nagkakaisang Bansa (United Nations) ay nagkasundo noong 2015 na sikaping makamit ang labing-pitong (17) Sustainable Development Goals (SDG). Ito ay naglalayong wakasan ang kahirapan, pangalagaan ang ating mundo, at siguraduhing matatamasa ng lahat ng tao ang kapayapaan at kaunlaran sa taong 2030.

Ang mga sumusunod ay mga hangarin na nakapaloob sa deklarasyon ng United Nations tungo sa pagtamo sa Sustainable Development Goals 2030. Sa labing-pitong layunin ng Sustainable Development Goals, ilan dito ay nakatuon sa programang pangkaunlaran tulad ng mga sumusunod:

Goal 1: Walang kahirapan o No Poverty

Ito ay hangarin na naglalayong masolusyonan ang kahirapaan sa buong mundo. Isa sa mga ahensiya na nakatuon dito ay ang World Bank at International Monetary Fund na nagpapautang sa mga bansa upang suportahan ang mga programa na mag-aahon sa mga tao mula sa kahirapan.

Goal 2: Walang kagutuman o Zero Hunger

Ito ay hangarin na naglalayong maibsan ang kagutuman na nararanasan ng mahihirap na mga bansa sa mundo. Ang ahensiyang nakatuon dito ay ang Food and Agriculture Organization (FAO) na sinisiguro ang pagbibigay ng sapat na suplay ng pagkain upang wakasan ang gutom, kakulangan sa pagkain, at malnutrisyon.

Goal 3: Kalidad ng edukasyon o *Quality Education*

Ito ay hangarin na naglalayong maitaas ang antas ng *literacy* ng mga mahihirap na bansa bilang kasangkapan sa pagtamo ng kaunlaran. Ang ahensiyang nagtataguyod dito ay ang UNESCO na nagsusulong ng libre at dekalidad na edukasyon para sa lahat.

Goal 4: Disenteng trabaho at pang-ekonomiyang pag-unlad o *Decent Work and Economic Growth*

Ito ay hangarin na naglalayong matamo ang pang-ekonomiyang kaunlaran sa aspeto ng paggawa. Ang ahensiyang nagtataguyod nito ay ang International Labor Organization na nagsusulong ng pagbibigay ng pantay na oportunidad sa mga kababaihan at kalalakihan bilang kasangkapan tungo sa pag-unlad ng isang bansa.

Goal 5: Responsableng pagkonsumo at produksiyon o *Responsible Consumption and Production*

Ito ay hangarin na naglalayong matamo ang responsableng produksiyon at pagkonsumo ng mga produkto at serbisyo. Ang ahensiyang nagtataguyod nito ay ang Organization for Economic Cooperation and Development (OECD na nangangasiwa sa pagpapabuti ng pandaigdigang ekonomiya sa pamamagitan ng pagsulong ng pangkalahatang kalakalan.

Tungo sa Kapayapaan

Ang pag-unlad ng isang bansa ay hindi matatamasa sa pamamagitan ng pagbibigay tuon sa mga programang pangkabuhayan at pangkaunlaran lamang. Kaagapay nito ang pagpapanatili ng kapayapaan upang maisakatuparan ang minimithing pangmatagalang paglago at pag-unlad ng mga bansa. Kaya, kasali sa 17 Sustainable Development Goals ang pagkakaroon ng hustisya at kapayapaan sa buong mundo. Makakamit lamang ito kung mapapangalagaan ang karapatang-pantao at masiguro ang kaayusan ng mga bansa sa pamamagitan ng paglaban sa banta ng terorismo.

Sa karapatang pantao na hangarin, ang Amnesty International (AI) at Human Rights Watch (HRW) ay ilan lamang sa mga pandaigdigang organisasyon na nakatutok sa pag-imbetiga sa mga kaso ng paglabag sa mga karapatang pantao. Ilan sa mga karapatang ito ay ang sumusunod:

1. Labanan ang lahat ng uri ng diskriminasyon;
2. Tiyakin ang agaran at makatarungang paglilitis ng kaso;
3. Protektahan ang mga karapatan ng mga katutubo (Indigenous People);
4. Protektahan ang mga karapatan ng kababaihan at ng mga kabataan;
5. Palayain ang mga *political prisoner* ng pamahalaan.

Tungo sa Pagtutulongan

Marami pang organisasyong internasyonal ang nilikha upang patatagin ang kooperasyon ng mga bansa at magtaguyod ng kaunlaran. May mga samahang rehiyonal na bumuo sa tinatawag na *trade blocs*.

Ang *trade bloc* ay isang kasunduan ng mga bansang kadalasan ay magkakaanib sa isang samahang rehiyonal na naglalayong bawasan, paliitin, o tanggalin ang mga taripa na hadlang sa malayang pakikipagkalakalan ng mga miyembrong bansa.


Halimbawa ng trade blocs	Layunin ng Kasunduan
ASEAN Free Trade	Kasunduan ng mga kasapi sa ASEAN na may layuning palaguin ang produksiyon at ekonomiya, ayusin ang balakid sa taripa, at umakit ng mga dayuhang mamumuhunan sa bawat bansa.
North American Free Trade Agreement (NAFTA)	Kasunduan sa pagitan ng Amerika Canada at Mexico na may layuning masolusyunan ang mga balakid sa taripa sa pakikipagkalakalan sa bawat bansa.

Pamprosesong mga Tanong

Direksyon: Sagutan ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa hiwalay na papel.

1. Ano ang kahalagahan ng pagiging kasapi ng bansa sa isang samahang pandaigdig?

2. Sa palagay mo ba mas nakabubuti ba sa Pilipinas ang pagsapi nito sa ASEAN? Patunayan.



Pagyamanin

Gawain 3: Easy-Essay!



Panuto: Sumulat ng isang tekstong persweysibong may temang pagtutulongan, kapayapaan, at pagkakaisa tungo sa pandaigdigang kaunlaran. Gawin ito sa sagutang papel.

Rubric sa Pagmamarka ng Essay				
Pamantayan	Mahusay (10 puntos)	Katamtaman ang Husay (8 puntos)	Nangangailangan ng pagsasanay (6 puntos)	Puntos
Pagkabuo	Angkop at wasto ang mga salitang ginamit sa pagkabuo.	May iilang salitang ginamit na hindi angkop at wasto.	Walang kaugnayan at hindi wasto ang mga salitang ginamit.	
Nilalaman	Mabisang naipahayag ang mensahe ng sanasay.	Hindi gaanong naipahayag ng mabisa ang mensahe ng sanaysay.	Hindi naipahayag nang mabisa ang nilalaman ng sanaysay.	
Kabuuhan				

Gawain 4: Hula-Logo?

Panuto: Hulaan ang mga logo ng sumusunod na pandaigdigang organisasyon. Tingnan ang kahon sa ibaba para sa mga pagpipilian. Isulat sa sagutang papel ang letra ng sagot.

- A. Organization of Islamic Cooperation (OIC)
 - B. Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)
 - C. Asian Pacific Economic Cooperation (APEC)
 - D. World Bank (WB)
 - E. World Trade Organization (WTO)
 - F. European Union (EU)





Isaisip

Gawain 5: Reaction Paper Writing

Panuto: May dalawang pandaigdigang organisasyon na nakatuon sa tulong-pananalapi ang World Bank at International Monetary Fund. Gumawa ng *reaction paper* batay sa isyung inilalahad sa ibaba. Gumamit ng ibang papel.

Isyu: Tulong-Pinansiyal ng World Bank at International Monetary Fund


Ang mga sumusunod ay mga bahagi at pamaraan sa paggawa ng *reaction paper*.

I. Panimula o *Introduction*

II. *Body of the essay* o Katawan

III. *Conclusion* o Konklusyon

Rubric sa Pagmamarka ng Reaction Paper				
Pamantayan	Mahusay (5 puntos)	Katamtaman ang Husay (3 puntos)	Nangangailangan ng pagsasanay (2 puntos)	Puntos
Pagkabuo	Angkop at wasto ang mga salitang ginamit sa pagkabuo.	May iilang salitang ginamit na hindi angkop at wasto.	Walang kaugnayan at hindi wasto ang mga salitang ginamit.	
Nilalaman	Mabisang naipahayag ang mensahe ng sanasay.	Hindi gaanong naipahayag ng mabisa ang mensahe ng sanaysay.	Hindi naipahayag nang mabisa ang nilalaman ng sanaysay.	
Kabuan				



Isagawa

Gawain 6: Advocacy Campaign

Panuto: Gumawa ng advocacy campaign sa pamamagitan ng isang poster na naglalarawan ng pagtutulungan at pagkilos ng mga bansa upang malagpasan ang suliranin dulot ng Pandemyang COVID-19. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Rubric sa Pagmamarka ng Advocacy Campaign sa Paggawa ng Poster				
Pamantayan	Mahusay (5 puntos)	Katamtaman ang Husay (4 puntos)	Nangangailangan ng pagsasanay (3 puntos)	Puntos
Pagkabuo	Angkop at wasto ang mga larawan na ginamit sa pagkabuo.	May ilang larawang ginamit na hindi angkop at wasto.	Walang kaugnayan at hindi wasto ang mga larawang ginamit.	
Pagkamalikhain	Nailikha ng maayos at mahusay ang poster.	Katamtaman lamang ang paglikha ng poster.	Walang kaugnayan ang ginawang poster.	
Nilalaman	Mabisang naipahayag ang mensahe sa poster.	Hindi gaanong naipahayag ng mabisa ang mensahe sa poster.	Hindi naipahayag nang mabisa ang nilalaman ng poster.	
Kabuuan				



Tayahin

Panuto: Isulat ang wastong letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

- Paano nakatutulong ang World Bank sa mga bansa sa ibat-ibang bahagi ng mundo?
 - nagbibigay ng pagkain sa tao
 - nagbibigay ng tulong pinansiyal
 - nagpapautang sa mga mangangalakal
 - nagpapautang sa lahat ng mamamayan

2. Alin ang hindi layunin ng International Labor Organization?
 - A. palakasin ang tripartismo at diyologo sa empleyado
 - B. magkaroon ng kapatiran at samahan ng empleyado
 - C. oportunidad na trabaho para sa kababaihan at kalalakihan
 - D. malakihang oportunidad para sa isang ligtas at disenteng trabaho

3. Ano ang tungkulin o gampanin ng United Nations Human Settlements Programme UN-HABITAT?
 - A. mabigyan ng trabaho ang mga mamamayan
 - B. matulungan ang lahat ng mga tao sa lungsod
 - C. makapagbigay ng sapat na kabahayan para sa lahat.
 - D. matustusan ang mga tao sa pangunahing pangangailangan

4. Alin ang hindi kabilang sa mga pangunahing layunin ng Food and Agriculture Organization (FAO)?
 - A. matulungan ang mga magsasaka
 - B. matustusan ang kakulangan sa pagkain
 - C. masuportahan ang agrikultura sa bansa
 - D. mabigyan ng pagkain ang tao buwan-buwan

5. Alin sa sumusunod na ahensiya ng United Nations ang nakatuon sa pagdinig ng mga paglabag ng isa o higit pang mga bansa hinggil sa mga pamantayan sa pandaigdigang paggawa?
 - A. ASEAN Free Trade Area
 - B. World Trade Organization
 - C. International Labour Organization
 - D. Organization for Economic Cooperation and Development

6. Ano ang tawag sa organisasyong heopolitikal, ekonomikal, at pangkultura ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya?
 - A. Organization of American State
 - B. Organization of Islamic Cooperation
 - C. Asia Pacific Economic Cooperation
 - D. Association of Southeast Asian Nation

7. Ano ang tawag sa samahan ng mga estado ng Amerika na may layuning makamit ang kapayapaan, hustisya, at pagkakaisa ng mga kasapi?
 - A. American Union
 - B. Association of American States
 - C. Organization of American States
 - D. Organization of American Cooperation

8. Anong pandaigdigang samahan ng mga bansang Muslim na naglalayong siguraduhin at protektahan ang interes ng mga kasapi sa pamamagitan ng pagsulong ng kapayapaan at pandaigdigang kaunlaran?
 - A. Organization of Islamic State
 - B. Organization of Islamic Caliphates
 - C. Organization of Islamic Cooperation
 - D. Organization of Islamic State Cooperation

9. Ano ang tawag sa pinakamalaking kompederasyon ng malalayang estado sa kanluran na may layuning isulong ang kapayaan at kabutihan ng mga mamamayan nito?
- European Union
 - European Cooperation
 - Commonwealth of Nations
 - North Atlantic Treaty Organization
10. Alin ang hindi kabilang sa mga layunin ng pagkakatatag ng European Union?
- upang magkaroon ng matibay na samahan ng mga bansa
 - upang matutukan ang pang-ekonomiko at pampulitikal na serbisyo
 - upang ipalaganap ang mga kaisipang pampulitika at pang-ekonomiya
 - upang matustusan ang mga pangangailangan ng mga kasapi na bansa
11. Anong pandaigdigang organisasyon ang namamahala sa sistema ng pananalapi kung saan masusi nitong pinagmamasdan ang halaga ng palitan at balanse ng kabayaran ng mga bansa?
- World Bank
 - World Trade Organization
 - World Health Organization
 - International Monetary Fund
12. Ano ang hangarin ng pagkakatatag ng ASEAN Free Trade Area?
- Gawing sentro ng kabuhayan ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya
 - Gawing sentro ng kalakalan ng daigdig ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya
 - Gawing sentro ng produksyon ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa pandaigdigang kalakalan
 - Gawing sentro ng kapangyarihan ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa pandaigdigang ugnayan
13. Bakit mahalaga ang pagkatatatag ng mga pandaigdigang organisasyon?
- dahil natutulungan nito ang mga kasaping bansa na kontrolin ang iba pang bansa
 - dahil malaki ang naitutulong nito sa bawat kasaping bansa sa kaunlarang pang-ekonomiya
 - dahil tuluyan nitong sinusupportahan ang prinsipyo ng pagiging makasarili ng mga bansa sa daigdig
 - upang makalamang sa hindi kasaping bansa sa aspetong pang-ekonomiya at pampulitika
14. Alin ang hindi kabilang sa mga layunin ng ASEAN?
- pagsulong ng kultura
 - paglago ng ekonomiya
 - kaunlarang panlipunan
 - pagsulong ng kapatiran
15. Ano ang layunin ng Organization of Islamic Cooperation (OIC)?
- protektahan ang mamamayan
 - protektahan ang mga Kristiyano
 - protektahan ang pansariling paniniwala
 - protektahan ang interes ng mga Muslim



KARAGDAGANG GAWAIN

Gawain 8: Project i-Share Mo!

Panuto: Ang Pandemyang COVID-19 ay itinuturing na isang suliraning pangkalusugan na nararanasan ng buong mundo. Upang makatulong sa paglutas ng nasabing suliranin, magmungkahi ng isang proyekto gamit ang talahanayan sa ibaba bilang batayan. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Pangalan ng Proyekto				
Layunin ng proyekto	Mga inaasahang gawain	Mga Kasapi	Mga Kailanganing Kagamitan	Buwan/Petsa ng Pagsasagawa
1.				
2.				
3.				



Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: center;">TAYAHIN</p> <p>1.B 6.D 11.D 2.B 7.C 12.C 3.C 8.C 13.B 4.D 9.A 14.D 5.C 10.C 15.D</p>	<p style="text-align: center;">Tuklasin:</p> <p>Gawain: Organization Outliner!</p> <p>1.WB 6.OECD 2.UNESCO 7.ASEAN 3.WTO 8.EU 4.WHO 9.IMF 5.FAO 10.ILO</p>
<p style="text-align: center;">Pamprosesong mga Tanong:</p> <p>Panuto: Sagutan ang sumusunod na katanungan. Isulat ito sa sagutang papel.</p> <p>1. Ano ang kahalagahan ng pagiging kasapi ng bansa sa isang organisasyon? Ang pagiging kasapi ay malaking tulong para sa ikaunlad ng isang bansa.</p> <p>2. Sa palagay mo ba mas nakabubuti ang pagsapu ng iyong sariling bansa sa isang samahang Mas nakabubuti ang pagsapu ng Pilipinas sa isang organisasyon tulad ng ASEAN upang may pagtutulungan pang-ekonomiya na aspeto.</p>	
<p style="text-align: center;">PAGYAMANIN</p> <p>SAGOT: B, F, D, E, A</p> <p>Gawain: Easy-Essay!</p> <p>Panuto: Sumulat ng isang tekstong persweysibong may temang pagtutulungan, kapayapaan, at pagkakaisa tungo sa pandaigdigang kaunlaran.</p> <p>Ang ASEAN na mga bansa ay may pagtutulungan sa larangan ng ekonomiya at hangad ng bawat bansa ang kapayapaan at pagkakaisa tungo sa kaunlaran.</p>	
<p style="text-align: center;">ISAISIP</p> <p>Isyu: Tulong-Pinansiyal ng World Bank at International Monetary Fund Reaksyon: Ang tulong-pinansiyal ng World Bank at International Monetary Fund ay isang magandang hakbang para maipakita ang pagtutulungan ng bawat bansa tungo sa kaunlaran.</p>	
<p style="text-align: center;">TAYAHIN</p> <p>1.B 6.D 11.D 2.B 7.C 12.C 3.C 8.C 13.B 4.D 9.A 14.D 5.C 10.C 15.D</p>	

Sanggunian

Department of Education Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS). *DepEd Modyul ng Mag-aaral – Araling Panlipunan Kasaysayan ng Daigdig Grade 8*.

Online Sources:

Abante News. 2020. *Nagkakaisang ASEAN sa gitna ng pandemya*. June 29. Accessed August 2, 2020. <https://www.abante.com.ph/nagkakaisang-asean-sa-gitna-ng-pandemya/>.

Food and Agriculture Organization of the United Nation. 2021. *FAO in Uganda*. Accessed December, 2, 2020
<http://www.fao.org/uganda/fao-in-uganda/en/>

Husain, Jonathan. 2015. *Kasaysayan ng daigdig: Araling Panlipunan kagamitan ng mag-aarl*. <https://www2.slideshare.net/whosign/araling-panlipunan-kasaysayan-ng-daigdig-module>

Manebog, Jensen DG. 2014. *Ang United Nations: isang pagpapakilala*. Accessed September 15, 2020
<https://ourhappyschool.com/ANG%20UNITED%20NATIONS%3A%20ISANG%20PAGPAPAKILALA>

Maca, Patricia Nicole. 2019. *Ang mga pandaigdigang organisasyon*. Slideshare.net. Accessed June 5, 2020. <https://www.slideshare.net/PatriciaNicoleMaca/ang-mga-pandaigdigang-organisasyon-136972042>

Unyonpedia. (No date). *Mga nagkakaisang bansa*. Accessed November 25, 2020.
https://tl.unionpedia.org/Mga_Nagkakaisang_Bansa

Wikipedia. (No date). *Samahan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya*. Accessed September 10, 2020.
https://www.wikiwand.com/tl/Samahan_ng_mga_Bansa_sa_Timog-Silangang_Asy.

Wikipedia. edited 2021. *UNESCO*. Accessed September 21, 2020.
<https://en.wikipedia.org/wiki/UNESCO>.

Wikipedia. edited 2021. *Organization of American States*. Accessed September 15, 2020. https://en.wikipedia.org/wiki/Organization_of_American_States.

Wikipedia. edited 2021. *Samahan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya*. Accessed November 6, 2020.
https://tl.wikipedia.org/wiki/Samahan_ng_mga_Bansa_sa_Timog-Silangang_Asy.

Wikipedia. (No date). *Pandaigdigang Organisasyon sa paggawa*. Accessed August 29, 2020
https://tl.wikipedia.org/wiki/Pandaigdigang_Organisasyon_sa_Paggawa

<http://oas.org/en/>

<https://www.ilo.org/global/publications/lang--en/index.htm>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph